Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-03 NG AGOSTO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 175-2020**

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPATIBAY SA PAGBABAGO SA CITIZEN'S CHARTER NG BUSINESS PERMIT AND LICENSING DIVISION (BPLD) NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS UPANG MAS MAPABILIS AT MAPADALI ANG TRANSAKSYON SA PAGGAGAWAD NG BUSINESS PERMIT AT IBA PANG SERBISYO NG MAS EPISYENTE.**

AKDA NINA: **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY** at **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Seksyon 10 Artikulo XIV ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas ang mahalagang gampanin ng teknolohiya at agham sa pagpapaunlad at paghubog ng bansa, gayundin ang pagmamandato ng pagkakaroon ng pag-aaral nito at pagsusulong ng mga makabagong teknolohiya sa paglilingkurang publiko;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang paghahandog ng pinakamataas na antas ng paglilingkurang publiko sa mga mamamayan nito, gamit ang makabagong teknolohiya gaya ng internet at website;

**SAPAGKAT,** malaking tulong sa mga mamamayan ng Malolos ang pagkakaroon ng makabagong Citizen's Charter sa pagkuha ng Business Permit at Licensing sa Pamahalaang Panlungsod upang mapaabot sa kanila ang mga programa at proyekto ng pamahalaan gayundin para sa mas episyente at epektibong paglilingkurang madla;

**SAPAGKAT,** sa tulong ng isang Citizen's Charter ay mas mapapadali ang transaksyon ng tanggapan ng Business Permit and Licensing Division ng Pamahalaang Panlungsod na magdudulot ng de kalidad na serbisyo;

Sa mungkahi ni K**gg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat na:

**IPINASIYA** gaya ng ditoý ginagawang pagpapasya na nagpapatibay sa pagbabago sa Citizen's Charter ng Business Permit and Licensing Division (BPLD) ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos upang mas mapabilis at mapadali ang transaksyon sa paggagawad ng Business Permit at iba pang serbisyo ng mas episyente.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08032020